Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 19,2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

x-----------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 21-04-129

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI GINOONG MARCIANO R. ENRIQUEZ NG BARANGAY CAMPAASAN**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Abril 16, 2021 ang nagtakdang huling sandali ni Ginoong Marciano R. Enriquez nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya, mga kaibigan, at mga trabahador sa kanyang mga negosyo;

**"SAPAGKAT,** batid sa lahat ang kanyang magiting na pagmamahal at suporta sa kanyang pamilya, at ito ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay nagkaroon ng malubhang karamdaman at tuluyang binawian ng buhay sa edad na 78 taong gulang;

**"SAPAGKAT,** si Ka Marcing, kung siya ay kilalang tawagin ng karamihan ay isa sa nagsimula at naging matagumpay na negosyante sa larangan ng bigasan sa ating bayan na naghatid ng malaking tulong pinansyal at kabuhayan sa maraming Bulalacaonon;

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginoong Marciano R. Enriquez sa kanyang mapagpalang kaharian; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Ginoong Marciano R. Enriquez.

Scanned with CamScanner

**SA MUNGKAHI** ng lahat ng mga dumalo, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Abril 19, 2021, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. KIM JONH ELGO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 4-21-21

200421/PLP/jpc/admm

Scanned with CamScanner